

Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka 15

Pagkilala sa Panaguri ng Pangungusap

Panuto: Ang mga pangungusap sa ibaba ay mula o hango sa 2013 *State of the Nation Address (SONA)* ni Pangulong Benigno S. Aquino III. Salungguhitan ang buong panaguri (*complete predicate*) at isulat sa patlang ang payak na panaguri (*simple predicate*) ng bawat pangungusap.

1. _____ Umabot sa 33 bilyong piso ang nailaan para sa pagpapatayo, pagpa-paunlad, at rehabilitasyon ng mga ospital at sentrong pangkalusugan sa buong bansa.
2. _____ Ang *Geohazard Mapping and Assessment Program* ay magtutukoy ng mga mapanganib na lugar sa ating bansa.
3. _____ Tinatayang 3,600 metro kubiko kada segundo ang tubig na dumaloy mula sa Sierra Madre noong tumama ang bagyong Ondoy.
4. _____ Ang mga estero ay binabarahan ng mga basura ng mga tumitira sa paligid.
5. _____ Ang ginagawang *Blumentritt Interceptor Catchment Area* ay kayang sumalo ng tubig na katumbas ng 14 na *Olympic-sized swimming pool*.
6. _____ Ang ilang libong ektaryang lupain sa tatlong kampo-militar ay paglulunsaran ng dagdag na pagkakakitaan ng mga sundalo.
7. _____ Halos dumoble ang populasyon ng Pilipinas pero hindi nagbago ang bilang ng mga pulis at sundalo.
8. _____ Ang pagluluwal natin ng pera ay kailangan tambalan ng inisyatibang mag-impok nang sapat.
9. _____ Ang mga insidente ng karahasan tuwing eleksiyon ay bumaba mula 189 noong 2010 hanggang 77 na lang nitong huling eleksiyon.
10. _____ Abot-kamay na ang kapayapaan sa rehiyong matagal nang pinupunit ng hidwaan.
11. _____ Ang mga salitang ating bibitawan ay dapat magbunga ng mga kilos na positibong makakaapekto sa lahat.
12. _____ Ang bawat linya sa kasunduan ay dapat maaaring itaga sa bato.
13. _____ Isang prayoridad ang paglilipat ng mahigit 19,400 pamilyang nagsisiksikan sa mga pangunahing daluyan ng tubig sa *Metro Manila*.
14. _____ Makatuwiran ang ilapit ang pasahe ng LRT at MRT sa pasahe sa *aircon bus*.
15. _____ Naitala noong 2012 ang 4.3 milyon na *tourist arrivals* sa ating bansa.

Talâ: tinataya - *estimated*; metro kubiko kada segundo - *cubic meters per second*; prayoridad - *priority*